

Bantay Yugto 14

Ang Bantay ay Tagapangalaga para sa Kanyang mga Kapatid mula sa Buhay ni David

Isa pang bantay nakumilos upang maging mahusay na tagapangalaga para sa kanyang mga kapatid ay si Haring David.

“12 Si David nga ay anak niyaong Ephrateo sa Bethlehem-juda, na ang pangala'y Isai; at may walong anak: at ang lalaking yaon ay matanda na sa mga kaarawan ni Saul na totoong napakatanda sa gitna ng mga tao.13 At ang tatlong pinakamatandang anak ni Isai ay naparoon sumunod kay Saul sa pakikipagbaka: at ang mga pangalan ng kaniyang tatlong anak na naparoon sa pakikipagbaka ay si Eliab na panganay, at ang kasunod niya ay si Abinadab, at ang ikatlo ay si Samma. 14 At si David ang bunso: at ang tatlong pinakamatanda ay sumunod kay Saul. 15 Nguni't si David ay nagpaparoo't parito mula kay Saul upang pasabsabin ang mga tupa ng kaniyang ama sa Bethlehem. 16 At lumalapit ang Filisteo sa umaga at hapon, at humarap na apat na pung araw. 17 At sinabi ni Isai kay David na kaniyang anak, Dalhin mo ngayon sa iyong mga kapatid ang isang epa nitong trigo na sinangag, at itong sangpung tinapay, at dalhin mong madali sa kampamento, sa iyong mga kapatid; 18 At dalhin mo ang sangpung kesong ito sa kapitan ng kanilang libo, at tingnan mo kung ano ang kalagayan ng iyong mga kapatid, at kumuha ka ng pinakakatunayan. 19 Si Saul nga, at sila at ang lahat ng mga lalake ng Israel ay nasa libis ng Ela, na nakikipaglaban sa mga Filisteo. 20 At si David ay bumangong maaga sa kinaumagahan, at iniwan ang tupa na may isang tagapagalaga, at nagdala at yumaon, na gaya ng iniutos sa kaniya ni Isai; at siya'y naparoon sa kinaroroonan ng mga karo, habang ang hukbo na lumalabas sa pakikipaglaban ay sumisigaw ng pakikipagbaka. 21 At ang Israel at ang mga Filisteo ay nakahanay na sa pagbabaka, hukbo laban sa hukbo. 22 At iniwan ni David ang kaniyang daladalahan sa kamay ng tagapagingat ng daladalahan, at tumakbo sa hukbo, at naparoon, at bumati sa kaniyang mga kapatid.” (1 Samuel 17:12-22 KJV)

Si David ang bunsong anak ni Jesse at ginawa niyang mabuto ang kanyang ministeryo bilang bantay. Sa katunayan, ginawa niya pa ang higit sa itinakda sa kanya. **Bilang tapat na bantay, tinawag ka ng Dios na sundan ang halimbawa ni David sa pagsunod sa mga sumusunod:-**

1. Tanggapin ang gawain: Sinunod ni David ang utos ng kanyang ama na pumunta at alamin ang kalagayan ng kanyang mga kapatid. Sinunod niya ang utos nang hindi nagtataka at ginawa niya ang kinakailangang gawain nang hindi nagrereklamo. Bilang bunsong anak, maaaring iniisip niyang maglibang at maglakbay at magpakasaya bilang isang kabataan. Sa halip, tinanggap niya ang gawain nang buong saya. Ang ilan kpaag hiniling mo sa kanila na gawin tiyak na gawain at maglingkod sa Panginoon at sa iba, nagrereklamo sila at magbibigay ng mga dahilan upang makaiwas sa pakikibaka bilang mabubuting sundalo par kay Kristo. Huwag maging isa sa mga taong iyon na nais lamang magsaya at magpalipas ng oras sa kasiyahan. Sa halip, **“3 Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus.4 Sinomang kawal na nasa pagkakawal ay hindi nahalubilo sa mga bagay ng buhay na ito; upang siya'y kalugdan niyaong nagtala sa pagkakawal.” (2 Timoteo 2:3-4 KJV)** Ang mga sundalo sa kahit saang lugar ay may suot na tiyak na uniporme, at kapag nakita mo sila, agad mo silang makikilala bilang mga sundalo at kabilang sa hukbong responsable sa pagtatanggol ng bansa. Ang tanong dito ay, bakit nagsusuot ng ganoong uniporme ang mga sundalo? Ang sagot: Dahil nais nilang iparating ang mensaheng ito sa lahat; na hindi sila magagamit para sa anumang ibang gawain o serbisyo sa sibilyan kundi upang paglingkuran ang kanilang piniling panginoon bilang kanyang mga sundalo. *** Sa parehong paraan, tayo na sumusunod kay Cristo, mayroon tayong mga gawain, pamilya, at mga responsibilidad sa ministeryo, at kailangan natin itong panatilihin wasto gaya ng itinuturo sa atin ng Salita ng Dios at hindi tayo dapat maligaw o malulong sa mga bagay, kasalanan, at mga gawaing hindi kaayon ng kalooban ng Dios na maghihila sa atin mula sa ating paglilingkod at ministeryo para sa Dios. * Kailangan mo ring maunawaan na kailangan mong unahin ang tawag ng Dios sa iyong buhay at huwag ibigay ang iyong sarili sa emosyon, sa mga nais, at sa mga plano, dahil ang lahat ng mga bagay na iyon ay maaaring mukhang tama sa iyong paningin ngunit kapag pinabayaan mo ang tawag ng Dios, nalululong ka sa mga pangkaraniwang bagay at hindi mo magagampanan ang mabuting pakikipaglaban na nais ng Dios na makibahagi ka.**

Ang pagsunod ni David at ang kanyang pagtanggap sa pagtawag ng kanyang ama ay napaka sa tamang oras sapagkat makikita natin mula sa Kasulatan na ang kanyang ama ay nasa ilalim ng Banal na Espiritu nang siya'y tawagin, sapagkat sinasabi sa atin ng Kasulatan na si Goliath na taga-Filisteo ay lumalabas tuwing umaga at gabi upang hamunin ang hukbo, at agad pagkatapos nito isinulat ng manunulat na tinawag ni Jesse ang kanyang anak na si David upang ipadala siya nang agaran at inutusan siyang tumakbo sa larangan ng labanan patungo sa kanyang mga kapatid. **“16 At lumalapit ang Filisteo sa umaga at hapon, at humarap na apat na pung araw. 17 At sinabi ni Isai kay David na kaniyang anak, Dalhin mo ngayon sa iyong mga kapatid ang isang epa nitong trigo na sinangag, at itong sangpung tinapay, at dalhin mong madali sa kampamento, sa iyong mga kapatid;” (1 Samuel 17:16-17 KJV)** **Sa parehong paraan, kailangan nating maging sensitibo tulad ni David na**

hindi lamang masunurin sa kanyang ama kundi higit sa lahat sa Dios, ang Banal na Espiritu, na nagpadala sa kanya at magpapadala rin sa atin upang gawin ang Kanyang mga gawa, at kailangan nating gawin ito at maabot ito sa tamang oras.

2. Maging mabuting katiwala: Si David, nang siya'y hiniling na pumunta at suriin ang sitwasyon ng kanyang mga kapatid, siya ay pastol para sa mga tupa ng kanyang ama. Hindi niya iniwan ang mga tupa na walang mangangalaga, kundi naglagay siya ng ibang tao sa kanyang lugar habang ginagawa niya ang misyon. *"20 At si David ay bumangong maaga sa kinaumagahan, at iniwan ang tupa na may isang tagapagalaga, at nagdala at yumaon, na gaya ng iniutos sa kaniya ni Isai; at siya'y naparoon sa kinaroroonan ng mga karo, habang ang hukbo na lumalabas sa pakikipaglaban ay sumisigaw ng pakikipagbaka."* (1 Samuel 17:20 KJV) Kaya't pinanatili at inalagaan ni David ang kanyang gawa habang ginagawa niya ang kanyang ministryo. May ilan na hindi maingat sa pagpapanatili ng kanilang trabaho at iniwan ito nang maaga. Ipinakita rin ni David dito ang kanyang pag-aalala sa sekular na gawain na mayroon siya nang maglagay siya ng ibang pastol na mag-aalaga sa mga tupa. **Ang iyong sekular na trabaho ay iyong responsibilidad sa harap ng Dios. Kahit tinawag ka ng Dios para sa paglilingkod sa Kanya, kailangan mo pa ring gampanan nang mabuti ang iyong sekular na tungkulin, dahil iyon ang inaasahan ng Diyos sa iyo.** Si David ay isang mabuting katiwala at ginawa niya nang mabuti ang kanyang sekular na trabaho hanggang sa tinanggap siya ng Dios upang maging pastol para sa Kanyang bayan na Israel. **Gayundin sa iyo; huwag mong iwan ang iyong trabaho nang maaga kundi ipagpatuloy ang paglilingkod sa Kanya at maghintay sa Dios hanggang sa dumating Siya at ganap na kunin ka mula sa iyong sekular na trabaho.**

3. Maging masipag, masikap at tapat: Si David mula sa kanyang lugar na pinagtatrabahuhan bilang pastol ay maaga siyang bumangon at naglakbay nang walang pahinga upang marating ang kanyang mga kapatid na nasa labanan. **Tapat niyang dinala ang nakatalagang pagkain sa kanila at sa pinuno ng kanilang pangkat. Upang maging tapat na bantay at tapat na bantay na babae, kailangan mong maging masipag, masikap, maglakbay at magdala ng mga tiyak na panustos at kung anumang kailangan sa larangan ng misyon na ipinapadala sa iyo.**

4. Magkaroon ng inspirasyon at tapang na tumakbo sa larangan ng labanan: *"21 At ang Israel at ang mga Filisteo ay nakahanay na sa pagbabaka, hukbo laban sa hukbo. 22 At iniwan ni David ang kaniyang daladalahan sa kamay ng tagapagingat ng daladalahan, at tumakbo sa hukbo, at naparoon, at bumati sa kaniyang mga kapatid."* (1 Samuel 17:21-22 KJV) Natuwa si David sa kaisipang makamit ang kinakailangang gawain. **Maging masigasig din tayo na tumakbo sa larangan ng digmaan at gampanan ang gawain na ipinagkatiwala sa atin ng Panginoon. "19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: 20 Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan."** (Mateo 28:19-20 KJV) **Magpursige tayo na pumunta at gumawa ng mga alagad sa lahat ng mga bansa, bautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo, at magtiyaga na turuan silang sundin ang lahat ng Kanyang hinihingi sa atin.**

5. Hayaan nating pangunahan tayo ng Espiritu Santo upang tanggapin ang hamon at gawin ang kinakailangan: Nang marating ni David ang kanyang mga kapatid, nangyari ang mga sumusunod, *"23 At sa kaniyang pakikipag-usap sa kanila, narito, dumating ang bayani, ang Filisteo na taga Gath, na Goliath ang pangalan, mula sa hanay ng mga Filisteo, at nagsalita ng ayon sa mga gayon ding salita: at narinig ni David. 24 At lahat ng mga lalake sa Israel pagkakita sa lalaking yaon ay tumakas mula sa kaniyang harapan, at natakot na mainam. 25 At ang mga lalake ng Israel ay nagsabi, Nakita ba ninyo ang lalaking iyan na sumasampa? Tunay na sumasampa siya upang manghamon sa Israel: at mangyayari, na ang lalaking makapatay sa kaniya, ay payayamanin ng hari ng malaking kayamanan, at ibibigay sa kaniya ang kaniyang anak na babae, at palalayain sa Israel ang sangbahayan ng kaniyang ama."* (1 Samuel 17:23-25 KJV) Si David ay pinatnubayan ng Banal na Espiritu upang tanggapin ang hamon at labanan si Goliath. **Kapag narating mo ang larangan na inaasahan na marating mo ng Dios at ng simbahan, maaaring ipapakita sa iyo ng Banal na Espiritu ang iba pang gawain na kailangang tapusin. Sa ganitong sitwasyon, tanggapin ang hamon ng Dios at maging handa na tapusin ang gawain.**

6. Huwag mabagabag sa pamumuna ng mga tao sa iyo: Si David ay pinulaan ng kanyang mga kapatid, *"26 At nagsalita si David sa mga lalaking nakatayo sa siping niya, na nagsasabi, Ano ang gagawin sa lalaking makapatay sa Filisteong ito, at mag-alis sa Israel ng kadustaang ito? sapagka't sinong Filisteong ito na hindi tuli na siya'y humahamon sa mga hukbo ng buhay na Dios? 27 At sumagot sa kaniya ang bayan, ng ganitong paraan, na sinabi, Ganito ang gagawin sa lalake na makapatay sa kaniya. 28 At narinig ni Eliab na kaniyang pinakamatandang kapatid, nang siya'y nagsalita sa mga lalake; at ang galit ni Eliab ay nagalab laban kay David, at kaniyang sinabi, Bakit ka lumusong dito? at kanino mo iniwan ang ilang tupang yaon sa ilang? Talastas ko ang iyong kahambugan, at ang kalikutan ng iyong puso; sapagka't ikaw ay lumusong upang iyong makita ang pagbabaka. 29 At sinabi ni David, Anong aking ginawa ngayon? Wala bang dahilan"* (1 Samuel 17:26-29 KJV) Hindi pinanghinaan ng loob si David sa mga sinabi ng kanyang mga

kapatid sa kanya at tungkol sa kanya. Ang parehong mga taong iyong pinaglilingkuran ay maaaring pulaan ka at magsalita nang hindi maganda sa iyo, ngunit hindi mo kailangang isapuso ang kanilang mga sinabi. Isapuso mo ang sinasabi sa iyo ng Salita ng Dios at ng Banal na Espiritu. Bilang bantay, kailangan mong magkaroon ng dakilang puso at maging handang patawarin ang mga nakasakit at nakapanakit sa iyo upang ang plano ng kaligtasan ng Dios ay dumaloy sa iyo at sa buhay ng ibang tao. Magkaroon ng malaking puso upang tanggapin at malampasan ang lahat ng sakit.

7. Maging determinado at magkaroon ng tapang upang tapusin ang hamon at gawin ang ganap na gawa ng Dios: “30 At tinalikdan niya siya na napatungo sa iba, at siya'y nagsalita ng gayon ding paraan: at sinagot siya uli ng bayan na gaya ng una. 31 At nang marinig ang mga salita na sinalita ni David, ay sinaysay nila sa harap ni Saul; at siya'y ipinasundo niya. 32 At sinabi ni David kay Saul, Huwag manglupaypay ang puso ng sinoman dahil sa kaniya; ang iyong lingkod ay yayaon at makikipaglaban sa Filisteong ito.” (1 Samuel 17:30-32 KJV) Hindi sumuko si David kundi nagpasya na tapusin ang gawain na ipinagkatiwala sa kanya. **Sa parehong paraan na tinawag ka ng Dios, maging matapang ka sa pagharap sa kaaway at sa hamon na itinakda sa iyo ng Dios.**

8. Gamitin ang iyong mga kakayahan at talento na ibinigay sa iyo ng Dios, na may pagtitiwala sa Kanya upang maisakatuparan ang gawain na ipinagkatiwala sa iyo: “33 At sinabi ni Saul kay David: Hindi ka makaparoroon laban sa Filisteong ito upang makikipaglaban sa kaniya: sapagka't ikaw ay isang bata, at siya'y isang lalaking mangdidigma mula sa kaniyang pagkabata. 34 At sinabi ni David kay Saul, Ang iyong lingkod ay nagaalaga ng mga tupa ng kaniyang ama; at pagka pumaroon ang isang leon, o isang oso, at kinukuha ang isang kordero sa Kawan, 35 Ay lumalabas akong hinahabol ko siya, at aking sinasaktan, at aking inililigtas sa kaniyang bibig: at pagka dinadaluhong ako ay aking pinapangahan, at aking sinasaktan, at aking pinapatay. 36 Pinapatay ng iyong lingkod ang leon at gayon din ang oso: at ang Filisteong ito na hindi tuli ay magiging isa sa kanila, yamang kaniyang hinahamon ang mga hukbo ng Dios na buhay. 37 At sinabi ni David, Ang Panginoon na nagligtas sa akin sa mga pangamot ng leon, at sa pangamot ng oso, ay siyang magliligtas sa akin sa kamay ng Filisteong ito. At sinabi ni Saul kay David, Yumaon ka, at ang Panginoon ay sasa iyo.” (1 Samuel 17:33-37 KJV) Ginamit ni David ang kanyang mga talento bilang isang pastol sa pakikiharap sa mga kaaway ng mga tupa, ang leon at ang oso, habang isinasalaysay niya kay Haring Saul kung paano niya hinahabol ang mga ito kapag sila'y dumating at kumuha ng isang tupa mula sa kawan. Na tinalo niya sila, marahil gamit ang kanyang tungkod upang iligtas ang tupa mula sa kanilang mga bibig, at kung siya ay kanilang aatakehin, huhulihin niya sila sa kanilang balbas at papatayin. Pinatay ni David ang parehong leon at oso sa pagtatanggol ng kanyang mga tupa kaya sinabi niya kay Saul na ganoon din ang kanyang gagawin sa hindi pa nabautismuhang Filisteo na humamon sa mga hukbo ng Dios. Nang marinig ni Saul ang ganoong matapang na patotoo, pumayag siya kay David na lumaban sa Filisteo at ang PANGINOON ay sumasaiya. **Sa parehong paraan, gamitin mo ang lahat ng iyong talento at kakayahan na ipinagkaloob ng Dios sa iyo upang harapin ang mga hamon.**

9. Huwag gamitin ang kinaugaliang mga sandata at makamundong paraan upang harapin ang iyong mga hamon: “38 At sinandatahan ni Saul si David ng kaniyang mga sandata, at kaniyang inilagay ang isang turbanteng tanso sa kaniyang ulo, at kaniyang sinuutan siya ng isang baluti sa katawan. 39 At ibinigkis ni David, ang tabak niya sa kaniyang sandata, at kaniyang tinikmang yumaon; sapagka't hindi pa niya natitikman. At sinabi ni David kay Saul, Hindi ako makayayaon na dala ko ang mga ito; sapagka't hindi ko pa natitikman. At pawang hinubad ni David sa kaniya.” (1 Samuel 17:38-39 KJV) **Hindi natin magagamit ang makamundong mga paraan upang gawin ang mga gawain ng Dios,** “1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba. 2 At huwag kayong magsiyon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios.” (Roma 12:1-2 KJV) **At hindi natin magagamit ang mga sandata ng sanglibutang ito upang labanan ang kapanyarihan ng kadiliman,** “3 Sapagka't bagaman kami ay nagsisilakad sa laman, ay hindi kami nangakikipagbakang ayon sa laman. 4 (Sapagka't ang mga sandata ng aming pakikilaban ay hindi ukol sa laman, kundi sa harapan ng Dios ay may kapangyarihang gumiba ng mga kuta); 5 Na siyang gumigiba ng mga maling haka, at ng bawa't bagay na matayog na nagmamataas laban sa karunungan ng Dios, at humibihag sa lahat ng pagiisip sa pagtalima kay Cristo; 6 At nangahahanda upang maghiganti sa lahat ng pagsuway, kung maganap na ang inyong pagtalima.” (2 Corintian 10:3-6 KJV) **Nilalabanan natin ang ating mga kaaway sa panalangin, at pag aayuno at pagsunod sa Salita ng Dios.**

10. Gamitin ang mga kagamitan na inilagay ng Dios sa iyong kamay na batid mo kung paano gamitin: “40 At tinangnan niya ang kaniyang tungkod sa kaniyang kamay, at pumili siya ng limang makinis na bato mula sa batis, at isinilid sa supot na kaniyang dala, sa makatuwid baga'y sa kaniyang supot pastor; at ang kaniyang panghilagpos ay nasa kaniyang kamay: at siya'y lumapit sa Filisteo.” (1 Samuel 17:40 KJV) Ginamit ni David ang mga sandatang sigurado siyang magagamit niya nang epektibo upang harapin ang kanyang kaaway.

Sa parehong paraan, kailangan nating maging mapanuri at gamitin ang pamamaraan at paraan na alam nating magiging epektibo upang harapin ang hamon na nasa harapan natin.

11. Magkaroon ng buong pagtitiwala sa Dios na kaniyang ipagkakaloob sa iyo ang kakayahang harapin ang hamon na nasa harap mo kahit sa kabila ng iyong mga payak na kakayahan: “41 At nagpatuloy ang Filisteo at lumapit kay David; at ang lalake na may dala ng kalasag ay nangunguna sa kaniya. 42 At nang tumingin ang Filisteo, at makita si David, ay kaniyang niwalan ng kabuluhan siya; sapagka't siya'y bata pa, at mapula ang pisngi, at may magandang bikas. 43 At sinabi ng Filisteo kay David, Ako ba ay aso, na ikaw ay paririto sa akin na may mga tungkod? At nilait ng Filisteo si David sa pamamagitan ng kaniyang mga dios. 44 At sinabi ng Filisteo kay David, Halika, at aking ibibigay ang iyong laman sa mga ibon sa himpapawid at sa mga hayop sa parang. 45 Nang magkagayo'y sinabi ni David sa Filisteo, Ikaw ay naparirito sa akin na may tabak, at may malaking sibat at may kalasag; nguni't ako'y naparirito laban sa iyo sa pangalan ng Panginoon ng mga hukbo, ng Dios ng mga kawal ng Israel na iyong hinahamon. 46 Sa araw na ito ay ibibigay ka ng Panginoon sa aking kamay; at sasaktan kita, at pupugutin ko ang ulo mo; at ibibigay ko ang mga bangkay sa hukbo ng mga Filisteo sa mga ibon sa himpapawid sa araw na ito, at sa mababangis na hayop sa lupa; upang maalaman ng buong lupa na may Dios sa Israel: 47 At upang maalaman ng buong kapisanang ito na hindi nagliligtas ang Panginoon sa pamamagitan ng tabak o ng sibat: sapagka't ang pagbabakang ito ay sa Panginoon, at ibibigay niya kayo sa aming kamay. 48 At nangyari, nang bumangon ang Filisteo, at sumulong at lumapit upang salubungin si David, na si David ay nagmadali, at tumakbo sa dako ng kawal upang salubungin ang Filisteo. 49 At isinuot ni David ang kaniyang kamay sa kaniyang supot; at kumuha roon ng isang bato, at inihilagpos, at tinamaan ang Filisteo sa kaniyang noo; at ang bato ay bumaon sa kaniyang noo, at nabuwal na pasubsob sa lupa. 50 Sa gayo'y nanaig si David sa Filisteo sa pamamagitan ng isang panghilagpos at ng isang bato, at sinaktan ang Filisteo at pinatay niya siya; nguni't walang tabak sa kamay ni David. 51 Nang magkagayo'y tumakbo si David, at tinunghan ang Filisteo, at kinuha ang kaniyang tabak, at binunot sa kaniyang kaluban, at pinatay siya, at ipinagpugot ng kaniyang ulo. At nang makita ng mga Filisteo na ang kanilang bayani ay patay na, sila'y tumakas.” (1 Samuel 17:41-51 KJV) Si David ay desididong magpatuloy at tapusin ang tungkuling ipinagkatiwala sa kanya. Pinahintulutan siya ng Panginoon na malampasan ang hamon na nasa kanyang harapan. Si David ay ipinadala ng kanyang ama upang pangalagaan ang kanyang mga kapatid at ang kanilang kapakanan habang sila ay papunta sa labanan, at siya'y sumunod sa kanyang ama at sa Dios at naging tapat na bantay na hindi lamang iniligtas ang kanyang sariling mga kapatid kundi iniligtas niya rin ang Israel mula sa kamay ng kanilang mga kaaway, ang mga Filistino, sa araw na iyon. Sa parehong paraan, nais ng Dios na hindi ka lamang maging tapat sa iyong sariling pamilya, paglingkuran sila at iligtas, kundi ipakita rin ang iyong katapatan sa Dios sa pamamagitan ng pangangalaga sa Kanyang simbahan at sa Kanyang bayan, pagtulong sa kanila, at makipagtulungan sa Dios upang iligtas sila mula sa kanilang mga pakikibaka at problema.

12. Gagatimpalaan ka ng Dios para sa iyong katapatan: Habang si David ay tapat sa Dios, ginantimpalaan niya siya at ginawang hari sa Israel at itinatag ang kanyang kaharian. Gayundin para sa iyo kung ikaw ay tapat sa Dios at tapat na ginagawa ang iyong ministeryo sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng mga tagubilin, gagantimpalaan ka ng Dios at itataas ka sa takdang panahon.

Sa aking Mahal at Minamahal: “1 Sa matatanda nga sa inyo'y umaaral ako, akong matandang kasamahan ninyo, at isang saksi ng mga hirap ni Cristo, na may bahagi naman sa kaluwalhatiang ihahayag: 2 Pangalagaan ninyo ang kawan ng Dios na nasa inyo, na magsigamit kayo ng pagpupuno, na hindi sapilitan, kundi may kasayahan, na ayon sa kalooban ng Dios; ni hindi dahil sa mahalay na kapakinabangan, kundi sa handang pag-iisip; 3 Ni hindi din naman ang gaya ng kayo'y may pagkapanginoon sa pinangangasiwaang ipinagtagubilin sa inyo, kundi kayo'y maging mga uliran ng Kawan. 4 At pagkahayag ng pangulong Pastor, ay magsisitanggap kayo ng di nasisirang putong ng kaluwalhatian. 5 Gayon din naman, kayong mga kabataan, ay magsisuko sa matatanda. Oo, kayong lahat ay mangagbigkis ng kapakumbabaan, na kayo-kayo'y maglingkuran: sapagka't ang Dios ay sumasalangsang sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba.” (1 Pedro 5:1-4 KJV) Inutusan si David ng kanyang amang si Jesse na pumunta at tingnan at pangalagaan ang kapakanan ng kanyang mga kapatid. At siya ay tapat at gumawa ng iba pang mga bagay habang siya ay pinapatnubayan ng Panginoon, at sa gayon nang ipakita niya ang kanyang katapatan sa Panginoon siya ay itinaas at naging hari at pastol upang pangalagaan at pamunuan ang bayan ng Dios. Sa gayon ding paraan para sa iyo, habang tinawag ka ng Dios na maging mga bantay upang pangalagaan at pangalagaan ang kapakanan ng iyong mga kapatid at ng ministeryo at ng mga taong nasa ilalim ng iyong pangangalaga at habang nagpapakita ka ng katapatan, tapang, pagsisikap, mabuting pangangasiwa, mapagpatawad na puso, at kahandaang gamitin ang iyong mga kasanayan at talento at determinasyon upang tapusin ang hamon at makamit ang gawain, gagantimpalaan ka ng Panginoon, pagpapalain ka pa at itataas ka. Manalangin tayo ...

Ang aking Panalangin: Ama Dios, Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa mga patay sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay

na walang hanggan. Panginoon, salamat po sa iyong mga aral at sa iyong nakakahikayat na Salita para sa akin. Panginoon, salamat po sa iyong tawag at sa hamon na iyong inilagay sa aking harapan at sa ministeryong ipinagkatiwala mo sa akin.

Ipagtapat ang iyong mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Ipagtapat at talikuran ang iyong kakulangan sa pagtugon sa tawag ng Dios. Magsisi ka sa iyong hindi pagnanais na pumunta at pangalagaan ang kapakanan ng iyong mga kapatid, at ang iglesya na inilagay sa iyo ng Dios. Pagsisihan ang iyong katamaran at ang iyong kapabayaang sa iyong sekular na trabaho. Ipagtapat ang iyong hindi kahandaang gumawa ng mabigat na gawain, maglakbay at magdusa upang gawin ang ministeryo at ang tawag na ipinagkatiwala sa iyo ng Dios. Ipagtapat at talikuran ang iyong paglahok sa mga gawaing sibilyan. Ipagtapat at talikuran ang sinusunod mo ang iyong sariling plano, damdamin at hangarin at hindi ang kalooban o plano ng Dios sa iyong buhay. Ipahayag ang iyong makamundong pagkatao at gamitin ang makamundong mga bagay at paraan upang gawin ang mga gawain ng Dios at ang ministeryo na nais Niyang makamit mo. Ipagtapat ang iyong kawalan ng pananampalataya at lubos na pagtitiwala sa Dios na Siya ang magbibigay-daan sa iyo na labanan ang mabuting pakikipaglaban. Panginoon, patawarin mo ako, pinagsisisihan ko ang mga sumusunod na kasalanan

Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili sa iyong pagtawag sa akin at sa gawaing nais mong ipagawa sa akin. Panginoon, bigyan mo ako ng lakas ng loob at palakasin ang aking pananampalataya at buksan mo ang aking mga mata upang makita ang mga bagay na nais mong makita ko. Panginoon, 'Narito ako, handang tanggapin ang hamon at tapusin ang gawain. O Panginoon, ipadala Mo ako!' Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, salamat po sa aking mga kapatid na tumanggap ng iyong tawag sa kanila, pati na rin ang hamon at ministeryo na nais mong gawin nila. Panginoon, ingatan mo sila, pahiran ng banal na langis, bigyan ng karunungan upang pangunahan ng iyong Banal na Espiritu at gamitin ang mga kakayahan at talento na ibinigay mo sa kanila upang paglingkuran Ka. Panginoon, patuloy mo silang bigyan sa kanilang mga pangangailangan upang patuloy silang makapaglingkod sa Iyo.

Panginoon, tulungan mo kami bilang iyong simbahan na patuloy na lumakad at patnubayan ng iyong Banal na Espiritu upang gabayan ang iyong bayan sa iyong tawag sa kanilang buhay. Panginoon, palakasin mo pa ang mas maraming tapat na mga bantay na lalaki at babae upang lumakad at paglingkuran ka at tuparin ang iyong tawag sa kanilang buhay. Panginoon, patnubayan mo kami upang maabot ang mga bagong tao sa pamamagitan ng iyong Salita. Buksan mo sa amin ang mga bagong pintuan upang mag evangelio, gumawa ng mga alagad, at sanayin ang mga bagong manggagawa upang lumakad at magtatag ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin na mas maraming tao ang mabautismuhan sa tubig at makatanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon tuparin nawa ng ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios." Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com